# Bigyang-hugis ang kinabukasan para sa inyong pamilya.

Bawat 10 taon, binibilang ng senso ang lahat ng naninirahan sa Estados Unidos. Mahalagang mabilang ang lahat ng taong naninirahan sa inyong tirahan para masigurong ang inyong komunidad at iba pa sa buong bansa ay mapopondohan nang wasto at magkakaroon ng kinatawan sa susunod na dekada.

### Bilangin lahat, mula kay lolo/lola pati na ang mga bagong silang.

Kahit sino pa ang naninirahan sa inyong tirahan, siguraduhing mabilang silang lahat sa 2020 Senso. Kasama rito ang mga lolo/lola, bata, anak-anakan, at mga hindi kamag-anak na naninirahang kasama ninyo. Ang impormasyong makokolekta sa senso ay makatutulong na matukoy ang pagbabahagi ng mahigit sa $675 billion sa pederal na pagpopondo bawat taon. Kabilang na rito ang pera para sa mga:

- First responders
- Pagkain sa paaralan
- Medicare at Medicaid
- Tulong sa pag-ampon
- Mga programa sa tulong sa pagkain
- Mga silid-aklatan at sentrong pangkomunidad

### Ang sagot ninyo ay ligtas.

Ang inyong impormasyong personal ay pananatilihing kompedensiyal ayon sa batas. Ang mga sagot ninyo ay gagamitin lamang para sa mga layuning pag-estadistika. Hindi ito maaaring gamitin para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o para matukoy kung maaari kayong tumanggap ng mga benepisyo mula sa gobyerno.

### Maaaring tumulong ang pamilya ninyo sa pagsagot

Ang online na palatanungan ng senso ay puwedeng sagutan sa Ingles at 12 pang karagdagang wika. Kung hindi kayo maalam sa alinman sa mga wikang ito, maaaring sagutin ng isang kasama ninyo sa bahay ang palatanungan para sa lahat ng iba pang kasama ninyo sa bahay. Kung ang mga adult sa inyong tirahan ay hindi nakapagsasalita sa kahit isa sa mga wikang nabanggit, maaaring isalin ito para sa inyo. Kabilang dito ang sinumang bata sa inyong tirahan o isang kaibigan.

Para sa karagdagang impormasyon:

**2020CENSUS.GOV/tl**

D-OP-AS-TG-486

**Bigyang hugis ang inyong kinabukasan**
**MAGSIMULA DITO >**

United States® Census 2020